# Pag-aralan Pa ang tungkol sa Panalangin

**AKTIBIDAD A**

## Ano ang ilang dahilan kung bakit nais ng Ama sa Langit na manalangin tayo habang tinutukso tayo ni Satanas na huwag tayong manalangin?

- Ano ang ilang paraan na maaaring matukso tayo ni Satanas na huwag manalangin?

Ang isa sa mga paraan na "[tinuturuan tayo ni Satanas] na huwag [tayong] manalangin" ay sa pamamagitan ng pagtatangkang kumbinsihin tayo sa kasinungalingan na dahil nagkasala tayo, hindi na tayo karapat-dapat na manalangin.

Isipin ang mga pagpapala na sinusubukan ni Satanas na hindi natin matanggap kapag ginagawa mo ang mga sumusunod:

> Naglalaan ng kaunting oras sa pag-aaral tungkol sa panalangin. Maaari mong hanapin ang panalangin sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, saliksikin ang Mga Paksa ng Ebanghelyo, o maghanap ng mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa panalangin. Sa iyong pag-aaral, alamin ang mga pagpapala ng panalangin. Maaari ka ring mag-isip ng mga pagpapalang naranasan mo sa iyong buhay mula sa pagdarasal. Batay sa iyong pag-aaral at mga karanasan, isipin kung bakit nais ng Ama sa Langit na manalangin tayo at bakit tinutukso tayo ni Satanas na huwag manalangin.

ChurchofJesusChrist.org

Magsulat ng kahit dalawang katotohanan na natutuhan mo tungkol sa panalangin. Isama kung bakit sa palagay mo ay nais ng Ama sa Langit na manalangin tayo at kung bakit tinutukso tayo ni Satanas na huwag tayong manalangin.

**AKTIBIDAD B**

## Ano ang ibig sabihin ng laging manalangin?

Maaari mong markahan ang pariralang "laging manalangin, at huwag manghina" (2 Nephi 32:9).

Basahin ang Alma 34:21, 27, at alamin kung ano ang maaaring ibig sabihin ng laging manalangin.

- Bakit magiging pagpapala ang pagdarasal nang "umaga, tanghali, at gabi" (Alma 34:21)?
- Paano natin maibabaling ang ating puso sa Diyos, kahit hindi tayo nagdarasal?

Nagbigay si Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ng isang halimbawa kung ano ang maaaring ibig sabihin ng laging manalangin:



> [Sumangguni] sa Ama sa Langit sa panalangin sa umaga. . . .
>
> Sa buong maghapon, may panalangin tayo sa ating puso na patuloy tayong tulungan at gabayan. . . .
>
> Sa pagtatapos ng araw natin, muli tayong lumuluhod at nag-uulat sa ating Ama. Iniisa-isa natin ang mga pangyayari sa maghapon at taos-pusong nagpapasalamat para sa mga pagpapala at tulong na natanggap natin. Nagsisisi tayo at, sa tulong ng Espiritu ng Panginoon, natutukoy ang mga paraan para magawa nating magpakabait at magpakabuti kinabukasan. Sa gayon ang ating panalangin sa gabi ay nakasalig at nakaugnay sa ating panalangin sa umaga. At ang panalangin natin sa gabi ay isa ring paghahanda para sa makahulugang panalangin sa umaga. (David A. Bednar, "Laging Manalangin," *Liahona*, Nob. 2008, 41–42)

Isulat sa sarili mong mga salita kung ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng laging manalangin.

**AKTIBIDAD C**

## Paano ilalaan ng Ama sa Langit ang ating mga pagsisikap para sa kapakanan, o kapakinabangan, ng ating kaluluwa?

Itinagubilin ni Nephi na "kayo ay mananalangin muna sa Ama sa pangalan ni Cristo, upang kanyang ilaan ang inyong pagganap sa kanya, nang [ito] ay maging para sa kapakanan ng inyong mga kaluluwa" (2 Nephi 32:9). Ang ibig sabihin ng *ilaan* ay gawing sagrado o ihandog.

Mag-isip ng kahit isang halimbawa kung saan pinagpala ng Ama sa Langit ang isang tao kapag siya ay nagdarasal at nagsisikap na gawin ang nais Niya. Maaaring ito ay isang personal na karanasan, halimbawa sa panahon ngayon, o maaari kang makakita ng isang salaysay sa mga banal na kasulatan (gamitin ang Index, o Gabay sa mga Banal na Kasulatan upang maghanap ng halimbawa kung kinakailangan).

Isulat ang halimbawa at kung ano ang itinuro nito sa iyo tungkol sa kung paano pagpapalain ng Ama sa Langit ang ating mga pagsisikap na isakatuparan ang Kanyang kalooban kapag nagdarasal tayo.

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.